

## **ITDI isinara ang taon, 2019 *Himig at Tunog idinaos***

Noong ika-26 ng Nobyembre 2019 sa Bulwagan ng Lakeshore Taguig City ginanap ang 2019 Year-End Assessment ng ITDI na may temang “Pasasalamat at Pagmamalasakit sa Pagsasama-sama sa Panahon ng Pagbubunyi ng Pinagpala” o ang ITDI 6Ps. Kasabay nito ay pagdaraos ng 2019 Himig at Tunog.

Ang pagtitipon ay pinangunahan ng selebrasyon ng Banal na Misa bilang pasasalamat sa mga biyayang natanggap ng ITDI sa Maykapal sa loob ng ika-118 taon paglilingkod nito bilang isang institusyon.



Sinundan ito ng “ribbon cutting” para sa poster exhibit kung saan ang mga malikhaing isip ng mga kalahok na kawani ay isinalarawan sa pamamagitan ng pagdisenyo ng poster.

Pormal na sinimulan ang programa ni ITDI Director Dr. Annabelle V. Briones sa kanyang pambungad na mensahe at pag presenta ng mga gawaing pang agham, mga programa, proyekto, teknikal na serbisyo, at iba pa, na naisagawa, naisulong, at nailipat na mga teknolohiya para magamit ng industriya at publiko. Kasama rin dito ang mga karangalan nakamit ng ilang kawani sa ibat-ibang bansa.

Inihayag din niya ang taos-pusong pasasalamat sa kontribusyon ng lahat ng kawani para maisulong ang mithiin ng ITDI. Nagtapos ang mensahe sa kanyang maligayang pamaskong pagbati.

Samantala, isang makahulungang mensahe ang binigay ni Dr. Leah J. Buendia, Pangatlong Kalihim ng Kagawaran.

---

### **Our Business is Industry**

---

Kasunod nito ang pag gawad ng Director's Award sa mga kawaning nakatanggap ng International awards na kinabibilangan ng mga sumusunod:

- Dr. Benilda S. Ebarvia, Assistant Scientist at Head ng Metrology in Chemistry Laboratory;
- Engr. Manuel M. Ruiz (tumanggap para kay Kiveen P. Suycano), OIC ng NMD;
- Dr. Persia Ada N. de Yro ng MSD at Engr. Roland Andrew Cruz ng PMISD para sa magkahalintulad na kategorya; at
- Dr. Blessie Basilia, Chief ng MSD.



Samantala, sa pangunguna ni ITDI Deputy Director for ATS Dr. Diana L. Ignacio, ipinakilala at tumanggap ng certificates ang lahat ng ITDI participants na pumasa sa idinaos na Lead Halal Auditor training noong Oktubre 25-29, 2019 sa Heritage Hotel, Pasay City.



**Our Business is Industry**



# *ITDI* **S&T MEDIA SERVICE**

[www.itdi.dost.gov.ph](http://www.itdi.dost.gov.ph)

Matapos ang pag-uulat ni Dr. Briones at paggawad ng mga parangal, nagkaroon ng masaganang salo-salo, kasabay ang pa-raffle ng mga regalong pamasko.

Sa dakong hapon, itinampok ang 2019 Himig at Tunog kung saan nagpamalas at nagtagisan ng galing sa pag awit at pagtugtog ng musical instruments ang mga kalahok na grupo. Ang mga kalahok ay binubuo ng 3-7 miyembro mula sa mga dibisyon ng Admin, OD at ODD; FMD at PMISD; TSD; FPD; STD; NMD; at ADMATEL.

Pagkatapos ng tagisan, itinanghal na Kampeon ang PTD - Band of Hope; sa pangalawang pwesto ang NMD - The Uncertain; at sa pangatlong pwesto ang TSD -The Marinader.

Maayos at masayang nagtapos ang pagtitipon kung saan lumisan na may galak at ngiti sa labi ang mga nagsidalò. (DDGotis\ ITDI S&T Media Service)

###

---

**Our Business is Industry**

Department of Science and Technology INDUSTRIAL TECHNOLOGY DEVELOPMENT INSTITUTE  
DOST Compound, General Santos Avenue, Bicutan, Taguig City Tel.: 837-2071 local 2184 / 2268